# NATURAL GAS 101

ATCO

## Ano ang natural gas?

Ang natural gas ay isang petrolyo na likas na nakukuha sa ilalim ng lupa, at malawakang ginagamit sa buong Canada. Pangunahing binubuo ito ng methane gas na walang kulay, walang amoy, at walang lasa. Para sa  layuning pang kaligtasan, ang natural na gas ay dinagdagan ng kasangkapan na tinatawag na Mercaptan. Ito ay kemikal na hindi nakakapinsala sa kalusugan. Mayroon itong masangsang na amoy na kahintulad ng nabubulok na itlog. Ang amoy na ito ang makakatulong na matukoy kung may pagtagas sa loob at labas ng inyong tahanan.

## Paano ginagamit ang natural gas?

Ginagamit ang natural gas sa iba't ibang paraan, kabilang na ang pagpapainit sa mga tahanan at negosyo, pagluluto, at pagpapatakbo ng mga sasakyan. Ginagamit rin ito sa pagmamanupaktura ng maraming pang-araw-araw na produkto, tulad ng mga plastic at abuno. Ang natural gas ay isang maaasahang mapagkukunan ng enerhiya na tumutulong sa pagpapatakbo ng ating ekonomiya.

## Ano ang tungkulin ng ATCO sa paghahatid ng natural gas?

Ang ATCO Gas & Pipelines ay isang kompanya ng transmisyon at distribusyon ng natural gas. Nangangahulugan ito na pag-aari namin at kami ang nagpapatakbo sa sistema ng pipeline na naghahatid ng natural gas sa inyo.

Ang mga pipeline ng transmisyon ay karaniwang mas malalaki at naghahatid ng natural gas sa mas mataas na presyon. Matapos ito, dumadaan ang natural gas sa mga istasyon na nasa sistema na nagpapababa sa presyon ng gas upang makadaloy ito sa aming mga pipeline ng distribusyon na nakakonekta sa meter na nasa inyong tahanan o negosyo.

Ang ATCO Gas & Pipelines ay nagbibigay ng mga serbisyo ng natural gas sa higit sa 1.1 milyong customer sa halos 300 komunidad sa buong Alberta. Tumutulong kami mula sa pag-i-install ng bagong pipeline ng natural gas o paglilipat o pagbabago sa isang meter o umiiral nang linya ng serbisyo, hanggang sa paghahatid ng mga makabagong solusyon upang painitin ang inyong tahanan at tubig, at hanggang sa pagtiyak na gumagana nang maayos ang inyong mga gamit na de gasolina. Tungkulin naming mamentina ang mga pipeline at tumugon sa mga biglaang pangangailangan.

## Ano ang tungkulin ng isang retailer sa paghahatid ng natural gas?

Ang mga retailer ay bumibili ng natural gas mula sa merkado ng enerhiya at benebenta sa mga costumer na tulad ninyo. Puwede silang mag-alok ng kompetitibong presyo at iba pang benepisyo, tulad ng nakapirme na antas na plano. Makipag-ugnayan sa mga lokal na retailer para alamin pa ang tungkol sa mga opsyon sa natural gas na available sa inyong lugar o bisitahin ang website ng Utilities Consumer Advocate sa ucahelps.alberta.ca para pumili ng tamang provider para sa inyo. Puwede rin kayong tumawag sa 310-4822 para magsimula.

## Mahahalagang pangkaligtasan na dapat isaalang-alang sa natural gas

Ligtas at maaasahang mapagkukunan ng enerhiya ang natural gas kapag ginamit nang maayos. Gayunpaman, mahalagang malaman kung paano matutukoy kung may mga pagtagas ng gas at kung ano ang gagawin kung sakaling may biglaang pangangailangan. Narito ang ilang mga tip na dapat tandaan:

## ANO ANG GAGAWIN KAPAG MAY NAAMOY NA GAS:

Kung may naamoy kayong gas o sinususpetsa ang isang pagtagas ng gas, kaagad na umalis sa lugar. Pumunta sa katabing bahay at kaagad na tawagan ang ATCO Gas & Pipelines, 9-1-1 o ang inyong lokal na departamento ng pamatay-sunog o bumbero (araw o gabi).

**Kung nasa loob:**

HUWAG gumamit ng mga posporo o lighter at huwag manigarilyo

HUWAG gumamit ng telelepono o cellular phone

HUWAG i-on o i-off ang mga switch ng ilaw


HUWAG magpaandar ng anumang de-kuryenteng mga switch o gamit

**Kung nasa labas:**

PALAYUIN ANG LAHAT mula sa lugar

HUWAG magsindi ng anumang bagay na nakakapagdulot ng apoy

HUWAG magpaandar ng anumang de-motor na sasakyan malapit sa pinanggagalingan ng pagtagas ng gas



## MGA PAALALA SA PAG-HUHUKAY NANG LIGTAS:

Ang mga pipeline ng natural gas ay tumatakbo sa loob at labas ng inyong tahanan. Nagpapaayos man kayo ng inyong tahanan, naglalagay ng bakod, o gumagawa ng anumang uri ng paghuhukay sa inyong bakuran, may mga nakabaong utility line sa ilalim ng lupa na kailangan mong malaman. Laging alamin muna kung nasaan ang mga nakabaong utility sa ilalim ng lupa bago simulan ang paghuhukay. Bisitahin ang ClickBeforeYouDig - Submit a locate request para sa libreng serbisyong ito.



**Kung may natamaan kayong linya ng natural gas sa ilalim ng lupa, kaagad na tumawag sa aming emergency line sa 1-800-511-3447.**

## MGA PAALALA PARA MAIWASAN AT MATUKOY ANG CARBON MONOXIDE SA INYONG TAHANAN:

Ang carbon monoxide (CO) ay isang hindi nakikita, tahimik, walang amoy na nakakalason na gas, na karaniwang tinatawag na 'silent killer'. Sa isang saradong espasyo, tulad ng bahay o garahe, ang malantad sa CO ay maaaring humantong sa malalang pagkakasakit o kamatayan.



- Huwag kailanman patakbuhin ang makina ng sasakyan nang nakagarahe, kahit na bukas ang pintuan.
- Regular na ipasuri ang inyong furnace at appliances na de gasolina (tulad ng inyong heater na pampainit ng tubig, natural gas stove, atbp.) sa kwalipikadong technician, ayon sa mga ispesipikasyon ng nagmanupaktura.
- Huwag kailanman magpaandar ng mga exhaust fan, power attic vent o central vacuum system nang matagal.
- Mag-install at regular na suriin ang inyong CO detector

## KALIGTASAN SA PALIGID NG MGA WALANG TAKIP NA LINYA NG GAS:

Minsan ang mga linya ng gas ay hindi maayos na nakasara. Nangyayari ito kapag ang isang natural gas na appliance (tulad ng dryer o stove) ay pinalitan ng de kuryente o parehong inalis – at hindi wastong nalagyan ng takip o plug ang linya ng gas. Ang mga walang takip na linya at valve ay puwedeng lubos na mapanganib dahil nagbibigay-daan ito na tumagas ang natural gas sa inyong tahanan.

Hinihikayat namin kayong tingnan ang inyong mga gamit at suriin ang inyong tahanan para sa mga walang takip na linya at valve ng natural gas.


Narito ang dapat tingnan:



**Ang connector ng dryer o stove na naiwan**

Ang naka-highlight na kaputol na ito ay bahagi ng connecting hose ng appliance na kadalasang naiiwan sa linya ng natural gas.

Kapag nakita ninyo ito, dapat tanggalin ang connector at dapat wastong matakpan ang linya.



**Ang wastong natakpan na linya ng natural gas**

Ang naka-thread na cap na ito ay isang paraan upang wastong matakpan ang isang walang takip na linya ng natural gas. Ang mga balbula at fitting ng natural gas na may panloob na roskas ay tinatakpan gamit ang nakaroskas na takip.

Kung hindi kayo pamilyar sa pangkaligtasan sa natural gas, mangyaring makipag-ugnayan sa isang kwalipikadong gas fitter o heating contractor para saraduhan ang linya.

**Para sa mga emergency sa natural gas, tumawag sa 24-oras na pang-emergency na numero ng ATCO Gas & Pipelines:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sa lugar ng Edmonton | 780-420-5585 | Red Deer | 403-357-5200 |
| Sa lugar ng Calgary | 403-245-7222 | Iba pang lugar (toll free) | 1-888-511-7550 |

ATCO™